



## Teksto ng Newsletter/Liham para sa mga Magulang

### Para sa mga Paaralang Lumalahok sa Araw ng Pagbibisikleta Papuntang Paaralan (Mayo 15, 2025)

---

#### Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan – Araw ng Pagbibisikleta Papuntang Paaralan

Ihanda na ang sapatos at linisin ang mga gulong: **MAGBABALIK** na ang [Araw ng Pagbibisikleta Papuntang Paaralan](#) sa Huwebes, Mayo 15, 2025!

Ang taunang event na ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga pamilya at mag-aaral na subukan ang pagbibisikleta o rolling papunta sa paaralan sa unang pagkakataon o upang muling gawin ang ipinangakong malusog at ligtas na paglalakbay papunta sa paaralan.

Tandaan, hindi lang para sa mga bisikleta ang event na ito! Lahat ng aktibong uri ng transportasyon— kabilang ang mga scooter, skateboard, roller skate, at paglalakad— ay hinihikayat. Ang mga rehistradong paaralan ay tumatanggap ng libreng mga mapagkukunan upang makatulong sa paghikayat at pagdiriwang ng ligtas at aktibong paglalakbay.

Ang Araw ng Pagbibisikleta Papuntang Paaralan ay isang event na inorganisa ng Programa ng Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan (Safe Routes to Schools, SR2S) ng Alameda County, na inisponsoran ng Komisyon sa Transportasyon ng Alameda County. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Programa ng Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan ng Alameda County, bisitahin ang [aming website](#).

Kung may mga tanong ka o gusto mong makilahok, makipag-ugnayan kay [\[ilagay ang pangalan\]](#) sa [\[ilagay ang numero ng telepono/email\]](#).

Magsaya!

### Para sa mga Paaralang Makikisali sa ibang araw

---

#### Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan – Araw ng Pagbibisikleta Papuntang Paaralan

Panahon na upang linisin ang inyong bisikleta, pahanginan ang mga gulong, at suriin ang mga preno. Papalapit na ang [Araw ng Pagbibisikleta Papuntang Paaralan](#)! Ang pagbibisikleta, pagsakay ng scooter, o pag-i-skating ay nakabubuti sa iyong kalusugan at sa iyong komunidad, at maaari kang maging bahagi ng solusyon sa pagbabago ng klima. Sumama sa iyong mga kaibigan, magkaroon ng bagong mga kaibigan, anyayahan ang iyong mga kapitbahay, at bumuo ng bike train—basta siguraduhing sumakay at magpedal (o magpagulong)!

Ang mga paaralan sa buong county ay nagdiriwang ng Araw ng Pagbibisikleta Papuntang Paaralan ngayong Mayo. Ang [\[ilagay ang Pangalan ng Iyong Paaralan\]](#) ay magdiriwang ng Araw ng Pagbibisikleta Papuntang Paaralan sa [\[ilagay ang Petsa\]](#).

Sa [\[ilagay ang Pangalan ng Paaralan\]](#), ang mga Kampeon ng Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan ay babati sa mga rider at roller na may mga sticker para sa mga elementarya, mga ilaw sa bisikleta para sa mga nasa gitnang paaralan, at mga bike bag para sa mga nasa mataas na paaralan.



Para sa higit pang impormasyon, bisitahin [ang aming website](#). Maraming mangyayari, at ang paglalakbay mo patungo sa paaralan ay simula pa lamang.

[Ilagay ang iba pang mga giveaway at iba pang mga detalye tungkol sa event sa iyong paaralan].

Huwag kalimutan, ang mga rider na wala pang 18 taong gulang ay kailangang magsuot ng helmet. Ito ang batas! Maging isang “roll” model at isuot mo din ang iyong helmet. Kung mayroon kang mga katanungan, makipag-ugnayan sa [Ilagay ang Kampeon ng Paaralan sa SR2S ng iyong paaralan o impormasyon ng site coordinator].

Kita-kita tayo sa paradahan ng bisekleta!